



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

EXCERPTS FROM THE JOURNAL OF THE 113TH REGULAR SESSION OF THE 11TH SANGGUNIANG BAYAN OF ROXAS, ORIENTAL MINDORO HELD ON 07 OCTOBER 2024, 1:00 P.M. AT THE SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

Present:

Municipal Vice Mayor Jerwin S. Dimapilis	- Presiding Officer
Councilor Robert S. Quiatchon	- Member
Councilor John John S. Yason	- Member
Councilor Juan Rafael M. Talens	- Member
Councilor King Philip B. Dimapilis	- Member
Councilor Robert A. Baticos	- Member
Councilor Veil Charleo B. Cusi	- Member
Councilor Marietta R. Pajila	- Member
Councilor Hermis S. Catapang	- Member, ABC President
Councilor Sheikinah Grace C. Sanz	- Member, MSKF President

Absent:

Councilor Lucille T. Bacay	- Member
----------------------------	----------

MUNICIPAL ORDINANCE NO. 44
Series of 2024

**KAUTUSANG NAGTATATAG PARA SA PAMAMAHALA
AT PAGPAPANATILI NG ROXAS PAYAW/BUYA
MANAGEMENT AREA, ROXAS, ORIENTAL MINDORO AT
NAGLALAN NG KAUKULANG PONDO**

May-Akda: Konsehal KING PHILIP B. DIMAPILIS
Co-Authors: Konsehal ROBERT A. BATICOS
Konsehal JOHN JOHN S. YASON
Konsehal ROBERT S. QUIATCHON
Konsehal MARIETTA R. PAJILA, PhD

TITLE I – PRELIMINARY PROVISIONS

SAPAGKAT, ang Executive Order 533 series of 2006 ay nag-uutos na ang Integrated Coastal Management (ICM) at iba pang kaugnay na mga pamamaraan katulad ng pamamahala ng mga ikinabubuhay sa baybaying dagat o ang pamamahala ng sakop na baybaying dagat na dapat maging pambansang patakaran ng pambansang pamahalaan na mapalaganap ang kamalayan sa patuloy na pagsulong ng kapaligiran ng Baybaying Dagat o Karagatan at lahat ng likas na yaman upang makamit ang katatagan ng pagkain, patuloy na pangkabuhayan, malunasan ang panganib na dulot ng kalikasan, sa pangangalaga ng integridad o dangal ng ekolohiya o kapaligiran;

SAPAGKAT, ang Ehekutibong Kautusan Blg. 533 ay nag-uutos na ang lahat ng yunit ng pamahalaang lokal (LGUs) na gumawa ng mga plano at programa na may kaugnayan sa iba't-ibang likas na yaman at ng ICM;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Roxas at ang Pamahalaang Panlalawigan ng Oriental Mindoro na nagpapatupad ng iba't-ibang programa na may kaugnayan sa ICM ay

LEO G. CUSI, SR.

JERWIN S. DIMAPILIS

FERDINAND V. TALENS, MPA

isang maliwanag na patunay sa pagpupunyagi ng Roxas para sa pangangalaga ng likas na yaman;

SAPAGKAT, ang mga pahayag na ito ang nagbubunsod na mahalagang itatag ang Roxas Payaw Management Area;

KAYA NGAYON, ipinag-uutos ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro sa isinagawang pagpupulong na:

ARTIKULO I

PANGKALAHATANG PROBISYON

SEKSYON 1. PAMAGAT – Ang Ordinansang ito ay tatawaging "**ROXAS PAYAW/BUYA MANAGEMENT AREA, ROXAS, SILANGANG MINDORO**".

SEKSYON 2. DEKLARASYON NG PATAKARAN – Magiging patakaran ng Bayan ng Roxas na palaganapin ang tuloy-tuloy at matalinong paggamit ng likas na yaman ng karagatan. Titiyakin din ng pamahalaang bayan ang pantay na karapatan para sa mga mangingisda ng bayan at palaganapin ang aktibong pakikiisa ng mga nasabing mangingisda sa pamamahala nito. Tungo dito, ang pamahalaang bayan ay nagtatag ng Payaw Management Area para sa kapakanan ng mga mahihirap na mangingisda na kanilang yayakapin. Ang Roxas Payaw Management Area ay proyekto ng Pamahalaang Bayan ng Roxas.


SEKSYON 3. LAYUNIN – Ang Roxas Payaw/Buya Management Area (RPMA) ay naglalaan o sumusuporta sa tuloy-tuloy na kinaugaliang pangingisda, pangangalaga at pagtatanggol sa yamang pangisdaan na nasasakupan ng karagatan ng bayan ng Roxas. Ang Roxas Payaw Management Area ay magsisilbing palaisdaan at poprotektahan upang magsilbing pakainan, produksyon o pagpaparami at pangitlogan ng mga yamang isda. Sa pagpapatupad ng mga hakbangin sa pamamahala ng pangingisda, ang RPMA ay magiging pook o sona na sadyang tuloy-tuloy na nakalaan na nakaguhit na hiwalay na katabing pamalaisdaan. Ang RPMA ay papayagan ang tuloy-tuloy na gawaing pangingisda na itinakda sa ilalim ng ordinansang ito.


Ang layunin ng RPMA ay makatulong sa rehabilitasyon ng mga likas na yamang isda habang pina-uunlad ang mga huli ng mga maliliit na mangingisda na may laang panahon sa pagpapaitlog at maituloy-tuloy ang gawaing pangangalaga sa itinalagang lugar para pamamahala ng sona.

SEKSYON 4. Pagbibigay Kahulugan sa mga Salita – Para sa layunin ng ordinansang ito ang sumusunod na talasalitaan ay gagamitin:

- 1) **Aquaculture** – pamamahala ng mga palaisdaan lakip ang lahat ng uri ng pagsasanay at kalinangan o kabihasnan sa pagpapalaki at pagpaparami ng mga isda at iba pang lamang dagat o ilog/tubig.
- 2) **Aquatic Pollution (Polusyon sa Tubig)** – ang pagpasok ng mga sustansya o enerhiya sa tubig at kapaligiran na nagdudulot ng masamang epekto sa mga buhay at walang buhay na yamang tubig, maaari ring magdulot ng tunay na panganib sa kalusugan ng tao, sagabal sa mga gawaing pangtubig katulad ng pangingisda at palalayag, kasama na rin ang pagtatambak o pagtatapon ng mga dumi at iba pang basura sa karagatan, lawa o ilog, ang pagpapakawala ng petrolyo at iba pang radio-


LEO G. CUSI, SR.



JERWIN S. DIMAPILIS


FERDINAND V. TALENS, MPA

active, lubhang mapinsalang mga likido mula sa tubig, sa lupa, panghimpapawid na sasakyan at iba pang mga istruktura na gawa ng tao. Ang pagkakalbo ng kagubatan, di tamang paraan ng pagsasaka, katulad ng paggamit ng ipinagbabawal ng mga kemikal, labis na paggamit ng kemikal, paggamit ng artipisyal na pakain sa isda at pangangalaga ng mga tubigan na nagdudulot ng panganib at napakasamang epekto ay bumubuo rin sa polusyon sa nabubuhay sa tubig.

- 3) **BFARMC** – Barangay Fisheries and Aquatic Resources Management Council.
- 4) **Buffer Zone** – sona o pook upang protektahan ang sanktwaryo kung saan pinapayagan ang naaayon sa ordinansa na paraan ng pangngisda.
- 5) **Coral** – isang matigas na calcareous na bagay gawa mula sa kalansay ng mga marine coelenterate polyps na kinabibilangan ng reef, kanlungan at malahugis singsing na isla ng mga corals o alin man sa mga nabubuhay sa tubig na coelenterate na kung saan ang mga kalansay ay naghuhugis na maraming bato.
- 6) **Coral Reef** – likas na kabuuan na magkahalaga o kalansay ng mga corals, meron o walang buhay na coral polyps na lumilitaw sa pagtaas at pagbaba ng tubig sa dagat.
- 7) **FARMC** – Fisheries and Aquatic Resources Management Council.
- 8) **Fisherfolk** – mga tao na direkta, personal at pisikal na gumagawa sa pagkuha, pagpaparami o pagproseso ng mga isda at mga nabubuhay sa tubig na yaman.
- 9) **Fishery Resources** – nabubuhay sa tubig na flora and fauna (bulaklak at yamang tubig) na kinabibilangan ng mga isda, algae, coelenterate, mollusk, crustaceans, echinoderms at cetaceans.
- 10) **Fishing (Pangngisda)** – ang paghuhuli ng isda at iba pang isdang likas na yaman mula sa kanilang tirahan o kanlungan.
- 11) **Fish Sanctuary (Sanktwaryo ng Isda)** – nakatalagang lugar kung saan ang pangngisda at iba pang uri ng gawain na makasisira sa ecosystem ng lugar ay ipinagbabawal at naglilimita sa ilang gawain ng mga tao.
- 12) **FMOI/S** – Fishery Management Office/Section Tanggapan/Seksyon ng pamamahala sa mga isda.
- 13) **Mangroves (Bakawan)** – komunidad ng halaman sa tubig dagat kasama ng lahat ng uri ng kahoy, shubs, baging, mga halamang damo na makikita sa mga baybaying dagat, batis o pagitan ng mga batis.
- 14) **MAO** – Municipal Agriculture Office.
- 15) **Marine Protected Area (MPA) (Protektadong Lugal ng Tubig Dagat)** – sona o pook sa dagat na itinatag at isinabatas, panuntunang administratibo o iba pang epektibong paraan, upang mapangalagaan at maprotektahan ang bahagi o ang buong ikinulong na kapaligiran sa pamamagitan ng pagtatag ng mga alituntunin sa pamamahala. Kasama dito ay bahagi o kabuuan ng No Take Zones o Sanktwaryo ng mga Yamang Dagat o pangngisdaan at ang guhit ng lugar, pamamahala ng pangngisda,


LEO G. CUSI, SR.


JERWIN S. DIMAPILIS


FERDINAND V. TALENS, MPA

Buffer Zones at iba pang sona na may guhit na hangganan at nasa ilalim ng mga natatanging panuntunan o regulasyon.


- 16) **MFARMC** – Municipal Fisheries and Aquatic Resources Management Council.
- 17) **MPAMC** – Marine Protected Area and Management Council.
- 18) **Seagrasses (Halamang Dagat)** – mga namumulaklak na mga halaman na nabibilang sa apat na pamilya, lahat sa ayos ng alismatales na nabubuhay sa tubig dagat at buong maalat na kapaligiran.
- 19) **No Take Zone (Bawal Kunan na Sona)** – sona o lugal sa MPA kung saan ang lahat ng gawaing pagkuha ay di pinapayagan.
- 20) **Payaw, Buya o Fish Aggregating Device (instrumentong pangkolekta ng isda)** – Mga uri ng pabahay o tirahan ng mga isda na niyari mula sa mga sanga at dahon ng niyog o mga punong kahoy at iba pang mga materyales na ginagamitan ng tali at pabigat, karaniwang ginagamitan ng kawayan na nakalutang sa tubig.
- 21) **RPMA** – Roxas Payaw Managenent Area
- 22) **Roxas Payaw/Buya Management Area (Espasyo sa Pamahalaan ng Roxas Payaw)** – isang espasyo sa karagatan na nakatalaga at inilaan ng batas upang makatulong na pangalagaan at protektahan ang mga yamang dagat sa pamamagitan ng Pagpapatatag at pagpapatupad ng mga panuntunan sa pamantabala.


ARTIKULO II

LOKASYON, SONA AT PAGLALAHAD NG ROXAS PAYAW/BUYA MANAGEMENT AREA

Ang Roxas Payaw Management Area ay matatagpuan sa katubigang municipal ng Roxas mula sa isang (1) kilometro ang layo mula sa dalampasigang sakop ng Roxas hanggang labinlimang (15) kilometro mula sa pangpang, makikita ang teknikal na paglalarawan sa Figure 1 at Table 1 ng ordinansang ito. Ang sonang ito ay itinalaga para sa mga rehistradong bangka at mangingisda ng Roxas. Ang Payaw Yunit ay ilalatag upang markahan ang nasasakupan ng Payaw Management Area. Maglalagay ng mga malalaking paskil at tanda o palatandaan sa mga matataong lugar.


LEO G. CUSI, SR.


JERWIN S. DIMAPILIS


FERDINAND V. TALENS, MPA




Figure 1 Map of Roxas Payaw Management Area

Table 1 Technical description of Roxas Payaw Management Area

Roxas Payaw (Buya) Management Area		
Point	Coordinates	
	Latitude	Longitude
Beginning at 1	12°37'1"	121°33'56"
thence 2	12°34'50"	121°41'29"
thence 3	12°32'22"	121°40'34"
thence 4	12°30'18"	121°38'49"
thence 5	12°29'15"	121°37'56"
thence 6	12°32'45"	121°34'35"
thence 7	12°33'56"	121°31'56"
thence 8	12°33'36"	121°31'10"
thence 9	12°34'34"	121°32'19"
thence 10	12°35'34"	121°34'9"

SEKSYON 5. Pamamahala

Ang Roxas Payaw/Buya Management Area ay pamamahalaan ng Municipal Agriculture Office ng Pamahalaang Bayan sa pakikipag-ugnayan sa mga konseho ng mga barangay ng San Jose, Dangay, Bagumbayan, Paclasan at San Isidro at Barangay Fisheries and Aquatic resources Management Council (BFARMCS). Fisherfolk Associations at Bantay Dagat ng Bayan.


LEO G. CUSI, SR.


JERWIN S. DIMAPILIS


FERDINAND V. TALENS, MPA